

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 75:12-13

VOVETE et réddite Dómino, Deo vestro, omnes, qui in circúitu eius affértis múnera: terríbili, et ei qui aufert spíritum princípum: terríbili apud omnes reges terræ.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SANCTIFICATIONIBUS tuis, omnípotens Deus, et vítia nostra curéntur, et remédia nobis æténa provéniant. Per Dóminum.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

MANATA tayo sa Panginoon niyong Dios, at tuparin ang mga ito: hayaang ang mga nakapalibot na bansa sa Kaniya'y maghandog ng mga kaloob sa kahanga-hangang Panginoon na kumikilatis sa kalooban ng mga hari't pinuno, Siyang kinatatakutan ng mga bansa sa daigdig.

PAKUNDANGAN sa nakapagpapabanal Mong kapangyarihan, Dios na makapangyarihan, pagalingin Mo nawa ang mga masasamang hilig naming nakasanayan at ipagkaloob naman sa amin ang mga lunas na 'di magwawakas. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKALABING-PITONG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa "Justus es"

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 119:37, 42

IUSTUS es, Dómine, et rectum iudícium tuum: fac cum servo tuo secúndum misericórdiam tuam. — *Ps 118:1* Beáti immaculáti in via: qui ámbulant in lege Dómini. *V.* Gloria Patri. Iustus es.

MAKATARUNGAN Ka, Poong Mahal, at ang lahat Mong kautusan ay matuwid. Gantihan Mo kami ayon sa iyong kagandahang-loob. — *Salmo 118:1* Mapalad ang tao na malinis ang kanilang pamumuhay, at ang mga lumalakad sa Utos ng Panginoon. *V.* Luwalhati sa Ama. — Makatarungan Ka...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DA, quæsumus, Dómine, pópulo tuo diabólica vitæ contágia: et te solum Deum pura mente sectári. Per Dominum.

IPAGKALOOB mo nawa, Panginoon, na iwasan ng iyong mga anak ang mga tukso ng demonyo, at sa kadalisan ng kanilang mga kalooban, ikaw nawa ang kanila lamang mahalín at paglingkuran, ang tunay at nag-iisang Dios. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Ef 4:1-6

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

MGA KAPATID: Ako, na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay nakikiusap sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga tinawag ng Diyos. Kayo'y maging mapagpakumbaba, mahinahon at matiyaga. Magparaya kayo dahil sa inyong pagmamahal sa isa't isa. Sikapin ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng kapayapaang nagbubuklod sa inyo. May iisang katawan at iisang Espiritu, kung paanong may iisang pag-asa na para doon kayo'y tinawag ng Diyos. May iisang Panginoon, iisang pananampalataya at iisang bautismo, iisang Diyos at Ama nating lahat. Siya ay higit sa lahat, kumikilos sa lahat, at nananatili sa lahat. — *R. Salamat sa Diyos.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 32:12, 6; Ps 101:2

BEATA gens, cuius est Dóminus Deus eórum: pópulus, quem elégit Dóminus in hereditátem sibi.

V. Verbo Dómini coeli firmáti sunt: et spírítu oris eius omnis virtus eórum.

Allelúia, allelúia. *V.* Dómine, exáudi oratiónem meam, et clamor meus ad te pervéniat. Alleluia.

PINAGPALA ang bansa na ang Dios ay ang Poon: ang bayan na pinili ng Panginoon para sa Kaniyang sariling pamana.

V. Sa wika ng Poon, nagawa ang langit; sa hininga ng Poon, nagawa naman ang lahat ng naroon.

Aleluya, aleluya! *V.* Panginoon, pakinggan Mo ang aking panalangin, at makarating nawa sa Iyo ang aking pagdaing. Aleluya.

EBANGHELYO • Mt 22:34-46

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Lumapit ang mga Pariseo kay Hesus, at isa sa kanila, na dalubhasa sa Kautusan, ang nagtanong kay Jesus upang subukin ito. “Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa Kautusan?” tanong niya. Sumagot si Jesus, “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta.” Tinanong naman ni Jesus ang mga Pariseong nagkakatipon doon. “Ano ang pagkakilala ninyo tungkol sa Cristo? Kanino siyang anak?” “Kay David po,” sagot nila. Sabi ni Jesus, “Kung gayon, bakit siya tinawag ni David na ‘Panginoon’ noong pinapatnubayan siya ng Espiritu? Ganito ang kanyang sinabi, ‘*Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon: Maupo ka sa kanan ko, hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo.*’ Ngayon, kung si David ay tumawag sa kanya ng ‘Panginoon,’ paanong masasabing anak ni David ang Cristo?” Isa man sa kanila’y walang nakasagot, at mula noo’y wala nang nangahas magtanong sa kanya. — *R.* Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Dan 9:17-19

ORAVI Deum meum ego Dániel, dicens: Exáudi, Dómine, preces servi tui: illúmina fáciem tuam super sanctuárium tuum: et propítius inténde pópulum istum, super quem invocátum est nomen tuum, Deus.

AKO, si Daniel, ay nanalangin sa Dios: "Panginoon, pakinggan po ninyo ang pakiusap at daing ng inyong alipin; paliwanagin mo ang iyong mukha sa iyong wasak na santuwaryo, at masdan po ninyo ang iyong bayan, yamang Ngalan Mo'y kanilang tinatawag, O Dios."

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

MAIESTATEM tuam, Dómine, suppliciter deprecámur: ut hæc sancta, quæ gérimus, et a præteritis nos delictis éxuant et futúris. Per Dóminum.

PAKUMBABA kaming nagsusumamo sa Iyong Kamahalan, Panginoon, na ang banal na gawain na aming ginaganap ngayo'y makapagpalaya sa amin sa mga nagawang pagsuway kahapon at sa hinaharap. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spírítu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spírítu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitas, et in maiestáte adorétur æquálitas.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.